PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**May 2, 2020 (11:06 A.M – 12:26 P.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang araw, Pilipinas. (GARBLED) ang naitatalang kaso ng COVID-19 sa bansa (GARBLED) dami ng mga nakaka-recover nating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** At bilang pag-iingat sa COVID-19 pandemic, sumasailalim pa rin sa Enhanced Community Quarantine at General Community Quarantine ang ilang mga lugar sa bansa.

**SEC. ANDANAR:** Ngayong umaga ay samahan ninyo po kami muli para alamin ang mahahalagang (GARBLED) sa mga hakbang at tugon ng pamahalaan sa pagsugpo sa COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Atin ngang pag-uusapan kasama pa rin ang mga kawani at opisyal ng pamahalaan, ako po si Undersecretary Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** At ako naman po si Secretary Martin Andanar, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Upang sumagot sa mga tanong ng taumbayan, mula sa studio ay makakausap natin si Task Force COVID-19 Shield Commander, PNP Lt. Gen. Guillermo Eleazar.

**USEC. IGNACIO:** Maya-maya rin po ay makakasama pa rin natin sa programa sina Presidential Spokesperson Harry Roque; Department of Interior and Local Government Undersecretary Jonathan Malaya; Atty. Francis Lim, President of the Management Association of the Philippines; at Antique Governor Rhodora Cadiao.

**SEC. ANDANAR:** (GARBLED) ng kampanya ni Senador Bong Go sa Balik-Probinsiya (GARBLED) binigyan-diin niya ang kakailanganing paghahanda ng mga eskuwelahan sa (GARBLED) bahagi ng bansa (GARBLED) …

(GARBLED) … educated at skilled workers na makakapanghikayat sa mga employers at mga negosyo na mag-invest sa karatig-bansa. Aminado naman ang Senador na hindi (GARBLED) ang inisyatibong ito, kaya naman iminumungkahi niya sa DepEd, CHEd at TESDA na magtulungang mag-assess ng kalidad at kapasidad ng mga eskuwelahan sa mga rehiyon upang makatulong sa maayos na implementasyon ng Balik-Probinsiya Program.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, dumako naman po tayo sa pinakahuling update sa kaso ng COVID-19 sa bansa. Ayon sa datos ng DOH, umabot na po sa 8,772 ang kumpirmadong kaso ng

COVID-19; nasa 579 naman po ang bilang ng mga nasawi; habang patuloy po ang pagtaas ng mga gumagaling na may kabuuang bilang na 1,084.

**SEC. ANDANAR:** Kung per region naman ang pagbabatayan, ang National Capital Region pa rin po ang may pinakamalaking kaso ng COVID-19; sinundan ito ng CALABARZON na may 1,150 COVID-19 cases. Kaya paalala natin sa lahat na huwag nang umalis ng walang plano dahil sa #newnormal dapat ay patuloy at walang palya ang pagsunod ng mamamayan sa mga preventive measures para iwas impeksyon.

**USEC. IGNACIO:** Sundin po natin ang mga wais tips para laging ready tuwing lalabas. Una, dalhin ang quarantine pass. Huwag ninyong kakalimutan iyan; pangalawa, siguraduhing nakasuot po nang tama ang facemasks. Siguruhing nakatakip ang ilong at bibig para maiwasan ang pagkalat ng respiratory droplets; pangatlo, maghanda ng grocery list o checklist, makakatulong ito upang maiwasan ang matagal na pananatili sa labas; at panghuli, tapusin ang lahat ng errands ng sabay-sabay para maiwasan iyong paulit-ulit na paglabas ng bahay.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, puntahan naman natin ngayon si Presidential Spokesperson Harry Roque. Sec. Harry, good morning.

**SEC. ROQUE:** Yes, good morning, Sec. Martin. At good morning, USec. Rocky. Good morning, Philippines.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Harry, nagsisimula na nga ang pagpapatupad ng GCQ sa ilang mga lugar. Maaari ninyo po bang ibahagi sa ating mga kababayan iyong mahahalagang update kaugnay sa GCQ guidelines?

**SEC. ROQUE:** Well, unang-una, Sec. Martin, epektibo na nga po iyong Executive Order 112 na nilagdaan po ng ating Presidente noong 30 Abril na nagtatalaga na ang ilang mga probinsiya ay nasa ilalim pa rin ng ECQ: ito po ang probinsiya ng Benguet, kasama po ang Baguio City; ang Region III, except Aurora po; ang Region IV-A; ang Province of Iloilo and City of Iloilo; ang Province of Cebu and City of Cebu; at ang Davao City. Lahat po ng mga probinsiya na hindi kasama dito sa listahan na ito ay under GCQ or General Community Quarantine.

Now, sa Executive Order 112 rin po nakasaad na para sa petsang May 1 up to May 15, ang mga provincial governors ay pupuwedeng magdeklara ng ECQ sa mga component cities at municipalities pero kinakailangan po ay mayroong pagpayag ng local IATF. Ang mga mayor naman po ng highly urbanized cities ay pupuwedeng magdeklara ng ECQ sa ilang mga barangay nila pero kinakailangan mayroon ding conformity ng lokal na IATF.

**SEC. ANDANAR:** Kaugnay naman sa mass testing—

**SEC. ROQUE:** (UNCLEAR) ng IATF na ang Probinsiya ng Albay at ang siyudad ng Zamboanga ay manatiling under ECQ. At sang-ayon din dito sa Executive Order na ito, ang provincial governor po ng Albay ay pupuwedeng magdeklara ng ECQ sa Legazpi City.

Now, bibigyan-diin ko lang po, iyong rekumendasyon po ng IATF para po sa Albay at sa Zamboanga ay pinadala na po sa Presidente para sa kaniyang approval – kinakailangan pa po iyan ng approval ng ating Presidente.

Doon din po sa EO 112 ay inaprubahan ng Presidente iyong guidelines para sa ECQ at GCQ na in-attach po sa document ng EO 112.

**SEC. ANDANAR:** Yes. Sec. Harry, kaugnay po doon sa mass testing sa bansa, kumusta po ang pagsasagawa nito? May balak pa po ba tayong mas palawakin pa ito?

**SEC. ROQUE:** Well, mayroon po. Sa katunayan, natalaga po ang BCDA president, si Mr. Vince Dizon ‘no upang maging deputy implementer ng COVID-19. At isa sa kaniyang katungkulan ay iyong TTT ‘no; at kasama nga diyan iyong testing.

Now, sa mula’t mula pa po, ninanais natin na makaabot ng 8,000 per day ang testing ng gobyerno, at ang PNRC [Philippine National Red Cross] po ngayon ay mayroon nang 10,000 to 12,000 PCR testing capacity.

At ang ating Presidente naman po ay in-authorize iyong paggamit noong tinatawag na Rapid Test Kits, at ang alam ko po ay nakikipag-ugnayan na rin po ang pribadong sektor sa pamamagitan ng Project ARK. Nakikipag-ugnayan po sila sa ating Department of Health para mapatupad po ang testing through rapid test kits na hindi po bababa sa 800,000 na mga empleyado o di naman kaya iyong mga mamamayan na nakatira sa mga lugar na may mga pribadong negosyo at kumpanya na kasapi sa Project ARK.

Ang ating goal po ay magkaroon ng at least 20,000 a day PCR testing. Tapos po sa rapid testing naman po, dapat umabot tayo ng 2.2 million ‘no. Ang total testing na tina-target po natin sa pamamagitan ng PCR ay 900,000.

**USEC. ROCKY:** Secretary, may tanong ang ating kasamahang si Leila mula sa Inquirer, mayroon siyang dalawang tanong. Dalawang tanong niya: What are the reasons for the IATF’s approval daw po sa resumption ng POGO operation? Ano daw po ang masasabi ng Palace about allegation that it was showing favoritism to POGOs and that allowing them to operate causes a lot of health risks?

**SEC. ROQUE:** Ang inaprubahan po ng IATF ay iyong pagbubukas ng mga BPOs, so matagal na po iyang approval na iyan. Ang POGOs naman po kasi ay isang klase ng BPO, wala pong favoritism diyan.

On the contrary, the equal protection clause po provides that all those similarly situated must be treated alike.

So, dahil isang klaseng BPO ang POGO, kinakailangan mapabuksan din sila be it ECQ or GCQ; pero po ang desisyon kung sinong mga POGOs ang mabubuksan ay nakasalalay po sa BIR Commissioner at saka sa PAGCOR mismo dahil sang-ayon po sa guidelines, kinakailangan mayroong tax clearance ang mga POGOs na ito, kinakailangang bayaran lahat ng mga buwis na

dapat bayaran at kinakailangan bayaran din lahat ng mga dapat bayaran sa regulatory body na ang PAGCOR.

Mayroon ding kondisyon po na 30% lang ang pupuwedeng magtrabaho sa mga BPOs na gumagana bilang mga POGOs at lahat po ng empleyado nila dapat isa-subject to COVID-19 testing. So, mapapalawak din po iyong ating testing capacity dahil iyong inaasahan nating minimum na ten thousand na magtatrabaho diyan ay kinakailangang ma-test na babayaran ng kanilang mga employers.

At siyempre po ang pinakaimportante, lahat po ng kikitain ng mga POGOS na ito ay pupunta po sa gastos ng gobyerno para naman dito sa COVID-19 response natin.

Uulitin ko po, parang mali iyong nakikita natin sa telebisyon, sa mga balita na kapag sinasabing POGO ay casino – hindi po. Hindi po casino ang POGO; ang POGO po, walang sugal na nangyayari sa Pilipinas, ang sugal po ay abroad. Bagama't dito po sa Pilipinas nandito iyong tinatawag nilang hardware, iyong mga computer at saka iyong mga software na nagpapatakbo ng online gambling pero lahat po iyan sa abroad, hindi po iyan nangyayari dito sa Pilipinas.

So, wala pong casino na pinayagang magbukas dahil ang POGOs po ay isang klase lang po iyan ng BPO.

**USEC. ROCKY:** Secretary, sino daw po ang magmo-monitor ng compliance nila with health regulations and magkano daw po ang ini-expect ng government na makokolekta from POGOs kapag pinayagan na pong mag-operate na nga itong POGO?

**SEC. ROQUE:** Well, ang magpapatupad po niyan ay ang PAGCOR dahil regulatory authority siya. Bukod doon sa mandatory COVID testing sa lahat ng empleyado na to be paid for by the POGO operators, kinakailangang ma-disinfect din ang lahat ng work areas ng mga POGOs na ito. I'm sure po na makikipag-ugnayan din ang PAGCOR sa ating Department of Health para mapatupad ito.

Now, ang kikitain po natin—ni-require din po sila ng PAGCOR na bayaran lahat ng suweldo ng mga Pilipinong empleyado na hindi nakapagtrabaho po habang mayroong ECQ at ang inaasahan pong babayaran ng mga POGO operators ay 400 million doon sa panahon na hindi sila nag-operate at tataas po iyan hanggang 600 million kapag nakapag-operate na sila.

Pero sabi nga po ni chairperson Domingo, inaasahan nila na matatagalan pa na magbukas muli ang mga POGOs dahil napakadaming requirements, iyong tax clearance, iyong PAGCOR clearance at saka iyong mandatory COVID testing ng mga empleyado.

At importante rin po bilang isang POGO, mag-comply din sila doon sa requirement na kinakailangan mayroon silang housing para sa kanilang mga empleyado o hindi naman kaya shuttle service at bagama't 3o% pa lang ang pinayagang mag-operate, kinakailangang i-observe din nila iyong 50% on site work at saka 50% work from home.

**USEC. ROCKY:** May tanong pa rin po ang ating kasamahan sa Malacañang Press Corps. Kay Virgil Lopez: Does the Palace share the DOH concern that there might be a shortage of health workers if the trend of infection continues? As of Thursday, the DOH said a total of 1,694 healthcare workers have tested positive.

**SEC. ROQUE:** Well, unang-una, kaya nga po ini-implement natin ang strict safety protocols para sa health workers natin nang maagapan iyong pagkalat ng sakit sa mga health workers at mayroon na rin tayong mga hakbang na ginagawa.

Unang-una, iyong mga medical graduates po maski hindi pa pasado ng board ay ginagawan ng paraan para sila po ay makatulong na rito at ang sabi nga ng Presidente noong huling pagpupulong sa ilang piling mga miyembro ng Gabinete, pati iyong mga underboard at saka mga 4th year students ay kinakailangang ihanda na para tumulong in case mangailangan pa po tayo ng additional healthcare workers.

**USEC. ROCKY:** Opo. Ang ikalawang tanong ni Virgil: May mga probinsiya daw po na nagpapatupad pa rin ng ECQ kahit ibinaba na po sila sa GCQ. Will these LGUs daw po get sanctions for not shifting to GCQ, Secretary?

**SEC. ROQUE:** Well, uulitin ko po: Iyong mga gobernador, sang-ayon sa [EO] 112 pupuwede po silang magpatupad ng ECQ sa mga component cities at munisipyo sa isang probinsiya; pero kung magpapatupad sila sa buong probinsiya, kinakailangan po mayroon iyang pagpayag ng IATF Central.

Ang mga mayor po pupuwede silang magpatuloy ng ECQ sa ilang mga barangay pero kinakailangan din iyong pagpayag ng local IATF.

**USEC. ROCKY:** Okay. Secretary, maraming salamat po sa inyong panahon. Baka po mayroon pa kayong mensahe na nais ipaabot sa ating mga kasamahan diyan sa Malacañang Press Corps at siyempre, sa atin pong mga kababayan?

**SEC. ROQUE:** Nakaligtaan ko pong banggitin na iyong huling pagpupulong ng IATF ay ipatutupad po natin iyong kagustuhan ni Presidente na lahat ng nangangailangan ng tulong, magkaroon ng tulong doon sa first tranche ng SAP. Ibig sabihin po niyan, hindi lang eighteen million ang makikinabang, dadagdagan pa po natin ng five million.

So, it will be eight plus five million po ang makakatanggap ng first tranche ng SAP. Siguro po, ito'y isang pamamaraan din para humingi ng pasensiya doon sa mga hindi nakatanggap dahil hanggang ngayon po ay nade-delay ang release ng first tranche.

Iyong sa second tranche po, aaprubahan po ng Presidente ang rekomendasyon pero hahayaan na po natin kay Presidente ang desisyon doon sa second tranche. Pero ang mabuting balita po eighteen plus five million na po ang mabibigyan ng first tranche ng ayuda under the Social Amelioration Program.

Ito po ay patunay na unang-unang, tumutupad po sa pangako ang ating Presidente, sinabi niya lahat ng nangangailangan, mabibigyan at iyong eighteen million nga ay figures from the 2015 census. Ipatutupad po natin iyan dahil alam ng ating Presidente kung gaano kahirap ang buhay sa ilalim ng ECQ at alinsunod din sa kaniyang pangako na gagastusin ang lahat ng kaban ng bayan para po makinabang ang mga mamamayan.

Magandang umaga po sa inyong lahat.

**USEC. ROCKY:** Okay, maraming salamat po—

**SEC. ANDANAR:** Thank you so much. Samantala, ngayon naman ay makakausap natin si DTI Secretary Ramon Lopez. Magandang umaga po sa inyo, Sec. Mon.

**SEC. LOPEZ:** Good morning, Sec. Martin and USec. Rocky! Sa inyong lahat, good morning po!

**SEC. ANDANAR:** Kamakailan ay nagkaroon ng turnover ceremony ng mga locally produced PPEs. Sa ngayon, ano na po ba ang lagay ng medical supplies sa ating bansa?

**SEC. LOPEZ:** Nagkaroon po tayo ng capacity na at least domestically, para mabawasan na natin ang import requirements ng ating mga PPEs, ganoon din sa mga masks, nakumbinsi natin ang mga ilang manufacturers to repurpose or sinasabing isi-shift iyong ilang mga capacity nila sa pagpo-produce ng mga usual na ginagawa nila. So, iyong mga dating garment exporters nag-shift silang ilang makina nila at bumili pa ng ibang necessary equipment so that they can produce also the PPEs.

And these are medical grade materials with proper seaming, ibig sabihin iyong sa tahi ay impermeable po at hindi makakalusot ang mga liquid or blood and all that, so approve po ito ng mga ospital, pina-approve din po natin sa FDA.

So we have the capacity now, but of course it’s still not enough; we’ve just started. We can produce now 300,000 PPEs per month. At ito po ay, of course, these are now being considered now by the DOH and ang atin pong National Task Force covering the logistics and resources under Secretary Charlie Galvez.

**SEC. ANDANAR:** Ngayong mataas ang demand para sa mga basic necessities, kumusta po ang status ng mga programa ng DTI upang maprotektahan ang kapakanan ng mga consumers mula sa mga nananamantala?

Sec. Mon, can you hear me?

**SEC. LOPEZ:** Yes, yes, I can hear you now, Sec. Naputol po.

**SEC. ANDANAR:** Kumusta po ang status ng mga basic necessities, Sec. Mon? Kasi alam naman natin na napakataas ng demand ngayon, papaano po sinisiguro ng DTI na maprotektahan

ang kapakanan ng mga consumers mula sa mga nananamantala? Ngayon po ay we are approaching two months of this ECQ.

**SEC. LOPEZ:** Yes, tuloy po ang ating monitoring and we are fortunate to have a deputized also the other agencies like the PNP-CIDG and National Bureau of Investigation. Sila po ang ating mga ka-partners sa pagbisita sa mga retailers, wholesalers, checking on possible profiteering and hoarding, at tuloy din iyong pag-monitoring ng mga prices of basic commodities, prime commodities sa mga supermarkets.

And to date, we were able to arrest already close to 400 violators sa profiteering and hoarding nationwide 'no. So tuluy-tuloy ang kampanya natin dito so that masigurado natin iyong tamang presyo lamang.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, kaugnay pa rin doon sa price freeze. Paano ninyo mas pinaigting iyong ginagawa ng DTI, iyon pong pagmo-monitor presyo ng basic necessities? May mga reports na ba kayong natatanggap na maraming lumalabag doon sa pinatutupad na price freeze? Saan po maaari raw maghain or magsabi ng kanilang reklamo sa mga lumalabag?

**SEC. LOPEZ:** Actually ho, tama ho, iyong mga nagku-complain, nari-receive namin sa 1384. Iyon po ang ating hotline for consumer complaints. And many of these leads ay inaaksiyunan ng … iyong nakuwento ko kaninang mga naaaresto natin, karamihan po ay galing din sa mga feedback from those complaining. Nagpapasalamat kami sa taumbayan for being vigilant in these times, and kailangan natin nang mas marami pang ganitong feedback para maaksyunan agad. Kaya madami na tayong napuntahan—actually, over 500 na ang napuntahan at ang mga naaresto, iyon na nga 'no, mga close to 400 na.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kaugnay naman po doon sa online delivery, Secretary. Paano po natin sinisiguro iyong kapakanan o kaligtasan ng consumers?

**SEC. LOPEZ:** Well, dito po—even under the ECQ, we have expanded the items that can be delivered. Since nag-extend po ang ECQ, we recognized that many of our kababayan will be needing more items beyond the essentials, so we're going to the next essentials. In other words, iyong nga dati hong food and disinfectants, now we have included even hardware products and pet food, and veterinary products, as well as clothing and accessories. So nadadagdag po, pati po housewares, pati na rin po appliances dahil sa kung kailangan i-repair or palitan iyong kanilang mga appliances ay ina-allow po sa delivery mode.

And paano naman natin napuproteksiyunan ang consumer? The same principle. Those with complaints can always file their complaints sa 1384 for the consumer hotline; agad inaaksyunan po iyon.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, kaugnay naman po daw sa pagbubukas ng mga establishments sa ilalim ng GCQ, paano ninyo naman po tinitiyak na iyong talagang social distancing ay maipatutupad kasi mahirap pa rin kahit under GCQ iyan, siyempre hindi tayo nakakasigurado pa rin po doon sa pagkalat ng virus?

**SEC. LOPEZ:** Tama ho. So we really need the imposition of the minimum health standard/protocol. So just yesterday, we issued these guidelines, interim guidelines on work place prevention and control of COVID-19 to be implemented by DOLE and the DTI, and of course in cooperation with the employers, the companies themselves. So we have given here advise, including also how the companies can ensure that all these will be followed. Kami naman po, we can always do the necessary auditing and checking of compliance to these guidelines.

In the same manner, even on the malls, especially in the GCQ, kung magbubukas ba ang mas iba pang tindahan na non-leisure, shops in the malls under GCQ, we are also issuing a guideline para po sa malls so that mapanatili po iyong social distancing, walang crowding, the continuous cleaning, and observance of mga health protocols – wearing of masks, sanitation, temperature scanning and many more.

We have also advised the malls to bring up the temperature. Kasi pinagbabawal pa rin ho, even in quarantine, in GCQ, iyong pag-standby or iyong pag-loiter around the mall. Ang intension po, since we are still under quarantine, is to just do their necessary errands. Iyong mga kailangang bilhin sa mga nagbukas na tindahan kasama na iyong hardware, pati laundry and drugstores and supermarkets and other clothing/accessories stores, pero mabilis lang po at hindi na po kailangan mag-standby.

Ang restaurants as you know, many of them have opened up but only for take-out and deliveries. So it's all really just quick action lang po at para ho mapanatili natin iyong safety of our kababayan na hindi po sila ma-expose.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Secretary, iyong fitness industry gaya ng gym, papayagan po ba silang magbukas under GCQ?

**SEC. LOPEZ:** Under the GCQ po, we were advised na hindi muna because of so high risk. Kasi po as we reviewed the sectors to be opened, it is always finding that balance between iyong transmission rate, potential transmission rate and also the essential nature of the business. And some advice also from experts, iyong it seems the virus can stay on many of this equipment, it's so difficult to really check na frequently sanitized itong mga items na ito, talking of mga gym equipment in general. So marami silang hinahawakan diyan, metal pa, so hindi po advisable na mag-operate muna.

Anyway, hopefully, two weeks na lang po ang ating hinihintay para ho ma-open na hopefully sana lahat ito; and of course, with more stringent health protocols to be recommended after.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, iyong mensahe ninyo na lang po at alam namin kayo po ay abalang-abala sa mga pagpupulong at sa mga ginagawa ninyong pag-monitor sa presyo ng bilihin. Ano na lang po ang mensahe ninyo sa ating mga kababayan?

**SEC. LOPEZ:** Ang mensahe po natin, we all want po na makabalik tayong lahat pati ang mga nagnenegosyo, pati ho iyong sa trabaho po ay maibalik natin lahat ang trabaho. Gusto natin talagang magbukas ang ekonomiya. At konting tiis po dahil ngayon po ay sinisigurado lang natin na mapaganda pa ang ating health situation in terms of iyong mapababa nang mabuti ang

transmission rate at mapataas ang ating testing capacity when it comes to PCR testing dahil ito po ang magiging determinant talaga sa pag-open up ng economy.

So naka-focus po ang ating management team sa pag-increase po ng ating PCR testing capacity, at the same time, health facilities so that we can outweigh iyong ganito pong mga kakayanan. The capacities can outweigh the risk at mapababa ang risk of transmission moving forward, and we can open up in the soonest possible time itong ating economy para maibalik na iyong trabaho sa ating kababayan.

So iyon po, pagtulung-tulungan natin ito at makakaraos po tayo. At masabi naman po natin na gumaganda naman po ang mga health indicators natin, ibig sabihin nagiging very effective po talaga ang ECQ approach po ng Pilipinas. Nakikita po natin sa mga indicators dito na isa tayo na best improve at bumababa na mga transmission rate at positive cases.

**USEC. ROCKY:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, DTI Secretary Ramon Lopez.

**SEC. LOPEZ:** Thank you.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, susunod na po ang ating pinakasuki dito. Alam mo, talagang kapag si General Eleazar ay tinatawagan po ng Laging Handa Public Briefing ay walang tanggi ho ito. Ito ho talaga ay isang sundalo ni Presidente Duterte, so salamat po sa pasensiya ninyo, General Eleazar, ang ating Task Force COVID-19 Shield Commander. Magandang umaga po sa inyo, sir!

**LTGEN. ELEAZAR:** Magandang umaga, Sec. Martin, USec. Rocky, pati na rin po sa mga nakikinig at nanonood sa inyong programa.

**SEC. ANDANAR:** Ano po ang stand ninyo kaugnay sa Balik-Probinsiya Program at kung sakali, ano po ang magiging mahalaga na parte ng PNP sa pagsasakatuparan ng programang ito?

**LTGEN. ELEAZAR:** Ang atin pong mga kapulisan naman ay naka-deploy sa lahat ng ating lugar ng ating bansa at kami po ay tutulong sa napakagandang programa na ito para ma-decongest itong ating Metro Manila at the same ay talagang mailipat doon ang ating mga kababayan ay na-improve iyong ating economic opportunity for them. So, kami po ay tutulong para po maging maayos ito pong programa ng ating national government.

**SEC. ANDANAR:** Gen. Eleazar, ano naman ang obserbasyon ninyo sa naging unang araw ng GCQ sa mga ilang lugar?

**LTGEN. ELEAZAR:** Kahapon ay naging maayos naman in general, eksakto naman kasi na holiday kahapon at ngayon ay Sabado at Linggo, so nabigyan ng opportunity po ang ating mga law enforcement agencies, kami, para mapaghandaan ito. At siguro po sa Monday diyan natin makikita ang epekto niya.

Gusto ko pong iulat na for the past 46 days, ito po iyong nagsimula ang ating community quarantine noong March 17 hanggang kahapon, iyong atin pong krimen ay patuloy na bumababa.

Sa buong Luzon, 67% ang ibinaba; sa Visayas naman ay 58%; at sa Mindanao, 51% for a total average of 61% po sa ating buong bansa.

Well, doon po sa 46 days na iyan, nakakita po tayo ng paglabag. Itong mga quarantine violators na umabot na sa 156,000, pero gusto kong banggitin na 41,000 lang po dito or 26% iyong ating naaresto. Ito pong mas marami na 67% or 104,000, ito po ay nabigyan lamang ng babala. Subalit noong nakaraang mga walong araw, dahil nagbigay ng instruction ang ating SILG na si Gen. Ed Año at ang ating Chief PNP na si Police Gen. Archie Gamboa, iyong nakaraang walong araw po eh talaga namang bumaba iyong ating violators.

Noong magsimula po ng first day, March 17 – 8,200; eh kahapon 1,900. Hindi na pumatong ng 2,000 mula noong ika-walong araw at dahil nga nag-shift tayo from just mere warning to arresting them. Pero malaking significant compliance ang atin pong mga kababayan dahil din po iyan sa pagde-deploy natin nitong Highway Patrol Group para umikot-ikot, hanapin kung mayroong mga violation ng mga UPOR [Unauthorized Persons Outside Residence] na nasa sasakyan; at the same time, ito pong ating Special Action Force at mga sundalo na nagbabantay sa mga areas kung saan ay nandoon iyong prone to violation ng ating social distancing.

**USEC. ROCKY:** General, ngayong uso po iyong depresyon lalo na sa mga frontliners, paano ninyo naman po sinusuportahan ang mental health ng ating mga pulis? At kumusta po iyong scheduling ng duty ng kanilang trabaho? Napakahirap din po ng kanilang duty.

**LTGEN. ELEAZAR:** Even before po tayo ay magkaroon ng community quarantine, naisip na po iyan ng ating pamunuan at ang ating Chief PNP nga ay nagtalaga ng mga task force o iba't-ibang grupo para po matiyak na masu-sustain iyong aming operation. And isa sa napakahalaga noon ay siguraduhin na kami po ay tatagal. Ibig sabihin, ang mga pulis natin is may tamang protection even though kami po ay hindi naman exempted diyan at nagkakaroon din ng infection at the same time, iyon pong mga administrative requirements namin ay natutugunan.

Alam mo po kami na nasa operation na nakikita ninyo ay hindi na dapat namin poproblemahin pa iyong mga kailangan namin administratively dahil mayroon pong nakatutok diyan para po ito ay matugunan at kami ay naniniwala, mataas po ang morale ng ating kapulisan. Nandiyan po ang ating Pangulo na talagang sumusuporta sa amin at ang amin pong pamunuan ay sinisiguro na ito pong ating pulis ay patuloy na magseserbisyo para po magtagumpay tayo sa ginagawa nating programa na ito.

**USEC. ROCKY:** Kumusta na po iyong libreng sakay ng PNP para sa mga medical frontliners? Kamakailan po sinabi rin ni Pangulong Rodrigo Duterte na bigyan po daw sila ng libreng sakay at ang ating mga senior citizens at kababaihan na nangangailangan po ng transportation assistance. Siguro iyon pong sa senior citizens pagdating po roon sa GCQ area pa rin.

**LTGEN. ELEAZAR:** Tama po iyon. Nagbigay po ng kautusan ang ating Pangulo at ang atin naman pong Chief PNP nagbigay rin ng mga guidelines tungkol diyan na bigyan natin ng humanitarian consideration ang atin pong mga senior citizen, mga kababaihan lalo na itong ating mga frontliners or health workers.

So, tama po kayo doon at iyan ay ating tinututukan kaalinsabay doon sa pag-o-observe natin ng tamang panuntunan particularly itong ating maximum tolerance and adherence to our human rights.

**SEC. ANDANAR:** Ano naman po ang masasabi ninyo sa isyu kaugnay sa 'di umano'y rights violation ng law enforcers?

**LTGEN. ELEAZAR:** Alam ninyo po, for the past… well, 46 days eh sa nakita naman po natin na ang ating mga violators ay 156,000, eh ilan ba naman po iyong nangyari na isolated cases na nagkaroon ng problema? Pero sinasabi po namin, hindi po natin tino-tolerate iyan. Ito pong mga araw-araw na nangyayari na nakikita natin na mga small, good deeds na ginagawa ng ating mga kapulisan hindi naman po kami nag-e-expect na ma-recognize o ma-appreciate iyan pero iyon pong mga munting bagay, iyon pong ating nakikita. Pero just the same, malinaw ang ating panuntunan na hindi po natin tino-tolerate iyong mga iilan-ilan na lumalabas na iyan.

Mayroon nga po kami na sinasabing simple formula para hindi magkaroon ng sinasabi nating mga mainit na komprontasyon both for the public as well as for the law enforcers. Para po sa ating publiko ay simple lang po: 'Obey these community quarantine guidelines and respect the authorities enforcing them.'

At sa amin naman po, ang paulit-ulit naming sinasabi is to observe maximum tolerance and ganoon din, respetuhin ngayon ang human rights.

Alam ninyo po, ito parang it takes two to tango ang sinasabi nga natin, parang road rage lang iyan. Kung mayroong isang mag-ii-start ng isang provocative aggression and the other one will respond to this for the same manner ay talagang malaking problema iyan. Kaya nga ang dapat nating matutunan from the very start ay sana huwag tayong magsimula ng anumang bagay na mali at kung sakali man na isa sa mga partidong ito ay hindi maiwasan na magawa iyon, we should learn how to deescalate the tension para hindi na tayo hahantong pa sa ganoong problema.

**SEC. ANDANAR:** General, ano sa tingin ninyo ang magiging epekto sa crime rate sa mga lugar na nasa ilalim ng GCQ?

**LTGEN. ELEAZAR:** Alam ninyo po, isang malaking challenge din sa atin iyan, itong sa GCQ, dahil alam natin na ECQ compared with GCQ mas marami po ang APOR or Authorized Persons Outside Residence – dito sa GCQ. So, imaginin po natin—well, sa atin po sa mga kapulisan, ang pagpapatupad po natin, one of the major police operations or intervention natin dito is through conduct of checkpoints.

Ngayon, imaginin po natin kung magsasagawa tayo ng istriktong pagsasagawa ng checkpoint diyan po sa mga GCQ area, we will defeat the purpose of partially opening our economic activity dahil talagang sobrang traffic niyan. Kaya nga po ang bilin ng ating Chief PNP para po sa mga checkpoints dito – and we have more than 4,000 checkpoints – is magsasagawa lang po kami ng checkpoint diyan, random or staggered. Well, eh 'di puwedeng kapag nag-iipon ang traffic ire-release na, so parang sasabihin bakit tsambahan.

Pero ito po ang gusto naming sabihin sa ating mga kababayan: Kapag natsambahan po ay pasensiya kayo. Nandiyan ang ating Highway Patrol Group na hindi lamang sa NCR magsasagawa ng kanilang Oplan Habol ang Oplan Sita kung hindi pati natin sa mga regional offices, iyong presence ng mga SAF natin.

At more than that, it is not only in the checkpoints ang aming implementation kung hindi magdadagdag po tayo ng kapulisan. Police visibility and patrolling sa mga places of convergence kung saan ito pong mga exempted or permitted establishment ay pupunta po tayo doon para ma-check natin ang atin pong mga kababayan doon kung sila ba ay authorized or hindi in cooperation of course ng ating mga kababayan.

So, that will be the challenge for us. But naniniwala po tayo with what we have started at nakita natin iyong pagbaba ng violators from 8,000 in the first day until 1,900 yesterday at iyon ay pababa ang trend, ay umaasa po kami na sa ating mga kababayan—actually, ang gusto po naming sabihin, Sec. Martin, dito po sa challenge na hinaharap natin ay implementation by cooperation.

Nasaksihan naman ng ating mga kababayan for the past 46 days itong ating paghihirap at sakripisyo ng lahat kung kaya't sa tingin ko ay mas naisip na nila na dapat talaga mag-cooperate para makuha natin itong objective ng ating quarantine na na-extend until May 15.

**USEC. ROCKY:** Okay. May katanungan po tayo General mula sa ating kasamahan sa media. Based on JTF COVID Shield data, 104 incident na po iyong attack, discrimination against healthworkers nationwide. So ano daw po ginagawa ng PNP dito?

**GEN. ELEAZAR:** Ah, iyon nga po iyong naulat sa atin pero nagsagawa tayo ng operation and based on our operation, we have arrested 39 suspect. And na-solve po natin around 66 cases doon po sa mga naulat na ito, and the remaining 38 cases ngayon ay atin pang iniimbestigahan.

Malinaw ang atin pong direktiba ng ating Chief PNP, base na rin po sa sinabi ng ating Pangulo na we have to protect ito pong ating mga healthworkers against discrimination and pati na rin po sa harassment.

At kami po'y nagpapatuloy sa pagsasagawa ng amin pong mandato na ito para po sa ating mga kababayan lalo na itong mga healthworkers natin na nagsasakripisyo dito po sa ating ginagawang programa.

**USEC. ROCKY:** Opo, General last na lang. Ano po reaction ninyo doon sa may mga alleged akusasyon na tila nagiging OA daw po ang PNP sa pagpapatupad dito sa—iyong mga violators po ng under ECQ. Ano po masasabi ninyo dito?

**GEN. ELEAZAR:** 'Pag nakita natin na maraming tao sa kalsada at ina-assume natin na ito ay violators kaagad, eh lahat nagsasabi na ay dapat hinihigpitan. Ngayon namang naghihigpit ang ating pulis, sasabihin naman over acting.

Well, karapatan po iyan ng ating mga kababayan kung ano sabihin. Basta kami, gagawin namin ang aming trabaho para po makatulong tayo sa programa ng ating Pangulo na magtagumpay tayo sa ating ginagawang sakripisyo. Napakasayang ng lahat ng ating pinaghihirapan, lahat na lang tayo naapektuhan dito, kung at the end of the day hindi natin matamo iyong adhikain nitong programang ito. At kami po ay nandito para siguraduhin na kami po ay tutulong sa ikatutupad nitong ating adhikaing iyan.

**USEC. ROCKY:** Okay. Maraming salamat po, Task Force COVID-19 Shield Commander, PNP Lt. General Guillermo Eleazar. Mabuhay po kayo, General.

**GEN. ELEAZAR:** Maraming salamat po. Magandang tanghali po sa ating lahat.

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito, makakausap naman natin si DILG Undersecretary Jonathan Malaya. Magandang araw po sa inyo, Usec. Jonathan.

**USEC. MALAYA:** Magandang araw Secretary Martin at magandang araw po Usec. Rocky at sa lahat po ng ating tagapanood sa umagang ito.

**SEC. ANDANAR:** Nagbigay po ng 7-day extension para sa distribution ng Social Amelioration Program. Paano po natin sinisiguro na mabibigyan po ang lahat ng pamilyang nangangailangan nito bago matapos ang deadline?

**USEC. MALAYA:** Yes, Sec. Mart, nagkukumahog na po ngayon ang lahat ng ating mga local government units nationwide para matapos na po iyong pamimigay ng Social Amelioration Program. At ang magandang balita po diyan Sec. Mart, base doon sa report na nakalap natin mula sa DILG regional offices sa buong bansa, umabot na po kagabi nang 61% ang nabigyan na ng Social Amelioration Program doon sa 18 million families.

So 61% of those 18 million families, sabay-sabay na po iyan, ay nabigyan na ng Social Amelioration Program. So kasama na po diyan iyong hindi kasama sa 4Ps, iyong kasama sa 4Ps, iyong mga drivers san National Capital Region. So mukha pong gumaganda na ang distribution ng ating mga local government units nationwide.

Ngayon po, siguro by today sa tingin ko po baka pumalo na ito sa—kasi nagsimula po kaninang umaga ‘no, it’s already 12 noon, so I would think na baka po umabot na tayo ng 70% by tomorrow ‘no.

So hinihikayat po ng DILG ang lahat ng ating mga local government units na seryosohin na po natin ito ‘no, tuluy-tuloy na po natin itong ipamigay kasi po wala na pong ibibigay na extension si Secretary Eduardo Año at si Secretary Rolly Bautista ‘no. No more extension, you are given only up to 7 days ‘no, up to May 7 to finish the distribution.

**SEC. ANDANAR:** Kaugnay naman sa pamamahagi ng SAP din, linawin lang po natin. Maari po bang hatiin ang SAP na ipinapamahagi sa bawat pamilya?

**USEC. MALAYA:** Hindi po, Secretary Mart. Maliwanag po ito doon sa batas, sa Bayanihan Act, maliwanag din po doon sa guidelines, joint memorandum circular, at maliwanag din po doon sa omnibus guidelines na ipinalabas ng DSWD na bawal pong hatiin itong SAP na ito 'no. May mga reports nga po kaming natanggap sa aming tanggapan na sinasabing hinahati ng ilang mga kapitan ito sa dalawa o tatlong pamilya para nga daw makatanggap ang lahat 'no.

Hindi po iyan ang tamang solusyon sa problemang iyan at nasolusyunan na po ng pamahalaan iyan. Kanina guest ninyo lang Sec. Martin si Spokesman Harry Roque at siya na po mismo ang nagsabi na iyong mga left out families na umaabot sa 5 million ay masasama na Social Amelioration Program.

So kung totoo man po ang reports na iyan na hinati nga sa ating mga kababayan, ang mga barangay kapitan iyong ayuda para sa mga pamilya, iyan po ay ipinagbabawal sa batas at puwede po silang masuspinde at makulong pa kung ginawa talaga niya.

Ngayon po Sec. Mart, sa lahat po ng ating mga nakikinig at nanonood ngayon, kung mayroon po kayong ebidensiya na ang inyong kapitan o ang inyong local government official ay iyan ang ginawa, ipadala po ninyo kaagad-agad sa DILG. May tanggapan po kami sa mga munisipyo, sa mga city hall hanggang sa probinsya, regional offices, hanggang dito po sa central office. Ipadala ninyo po sa amin ang ebidensiya at kami na po mismo ang magpa-file ng kaso laban sa mga public officials na iyan.

**USEC. ROCKY:** Usec., sa SAP may mga hindi pa rin ba nakakapagpaskil ng kanilang listahan ng SAP beneficiaries? At ano naman po iyong masasabi ninyo sa mga barangay na nakitaan ng mga pangalan ng mga namatay o 'di kaya po ay paulit-ulit na nakalagay sa listahan. Mayroon na po ba kayong na-encounter na ganoon, Usec.?

**USEC. MALAYA:** Doon po sa listahan Usec., maayos naman po 'no based on our monitoring. Lahat po ng barangay na nagpi-payout na ay nagpapaskil naman ng mga pangalan. So nagpapasalamat kami sa ating mga barangay kapitan nationwide for complying with the directive of Secretary Eduardo Año in this regard.

Ngayon po, kung mayroon po kayong makikita na discrepancy 'no na sa tingin ninyo itong pamilyang ito ay hindi kailangan makatanggap dahil hindi kuwalipikado, ipagbigay-alam ninyo po kaagad sa DSWD. Kasi nga po, 'pag usapin po ng listahan, iyan po ay saklaw na ng ating DSWD at sigurado naman po ako na kanilang tutugunan kaagad-agad ang inyong reklamo.

**SEC. ANDANAR:** Ano naman po ang mangyayari doon sa mga pamilya na hindi nakatanggap ng cash assistance?

**USEC. MALAYA:** Yes, Secretary. Gaya nga po ng sinabi ko kanina, may magandang balita po na ipinahayag ang ating Spokesperson, si Harry Roque na iyon pong mga left out families na tinatawag, na sinasabi nila na kailangan sila ay kuwalipikado sa programang ito ngunit hindi sila naisama dito sa unang bagsak o bugso ng ating Social Amelioration Program na umaabot, according 'to sa—the records, additional 5 million families nationwide ay isasama na rin po ng ating pamahalaan.

So isa po itong magandang balita ‘no, inaantay na lang po natin ang magiging guidelines na magmumula sa DSWD. Ngunit ito po ay magandang balita at nandiyan po kami sa DILG para again, matulungan natin ang DSWD para makarating po kaagad-agad sa mga pamilyang nangangailangan nito.

In the meantime, nananawagan po kami sa mga local government units na i-prioritize itong mga left out families doon sa food packs na kanilang ipinapamahagi ‘no. Malaki-laki na rin po ang ibinigay na pondo ng national government para sa mga local government units. Additional funding po ‘no, hindi lang iyong local funds; additional funding for them in the form of the extra IRA under the Bayanihan Grant and the authority to realign their 20% development fund.

So since marami-rami na pong pondo ang naibaba natin sa mga local government units, may pondo na po ang ating mga LGU para i-prioritize naman itong mga left out families habang inaantay nila itong pamamahagi nitong SAP sa kanila ‘no, kasi nga po isinama na sila programa ng ating Pangulo.

**USEC. IGNACIO:** May nagpadala po ng katanungan ang ating kasamahan sa media. Ilang LGUs na po ang may ordinance against discrimination and attacks to health workers. Ano po iyong paalala ninyo sa publiko na huwag nila itong gawin sa kanila?

**USEC. MALAYA:** Opo, ito pong ating mga health workers are our number one frontliners. Kung hindi po natin sila aalagaan, paano po nila aalagaan ang kapakanan naman ng mga pasyente at tayo din. Tayo po ay possible ding magkasakit dito sa sakit na ito. So critical po iyong ating mga health workers are protected at nagpapasalamat po kami sa ating mga Local Government Units na nagpasa ng kani-kanilang mga anti-discrimination against workers ordinance. Kasi ito po ay hudyat or additional signal sa ating mga kababayan na hindi lamang ang national government ang umaalaga sa kapakanan ng ating mga health workers kung hindi na rin ang mga Local Government Units.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat sa inyong panahon, DILG Undersecretary Jonathan Malaya.

**USEC. MALAYA:** Maraming salamat po Sec. Mart and Usec. Rocky. Mabuhay po kayo.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, patuloy pa rin ang paghihigpit ng local na pamahalaan sa Davao City a pagpapatupad ng precautionary measures at paghahatid ng tulong sa mga residente nito. Sa iba pang detalye, narito si Clodet Loreto.

(NEWS REPORTING)

**SEC. ANDANAR:** Mula naman sa business sector makakausap natin si Atty. Francis Lim, president of the Management Association of the Philippines. Magandang tanghali po sa inyo, sir.

**ATTY. LIM:** Magandang tanghali, Secretary Martin, kumusta po kayo?

**SEC. ANDANAR:** Sir, okay lang po. Papaano po nagpapaabot ng tulong ang Management Association of the Philippines para sa mga members nito na naapektuhan ng COVID-19?

**ATTY. LIM:** Ang MAP or Management Association of the Philippines ay isang organisasyon composed of the top three highest ranking officers of a company. Okay. So alam natin lahat na apektado ang business community and because of that ang MAP ay nag-conduct ng maraming webinars, siguro mga apat na simula noong ECQ para tulungan namin ang mga member organizations namin on how to cope with the crisis and how to prepare in the event of partial lifting of the lockdown.

Ang ehemplo niyan mayroon kaming webinar na titled ‘Responding to COVID Crisis’ para malaman ng mga members namin kung anong mga issues, anong mga challenges resulting from this pandemic and may mga speakers kami as far as from abroad para turuan, para sabihan ang membership namin kung ano ang dapat gawin. Isa rin sa mga tanong from our members ay paano namin ima-manage iyong workplace namin while we are on a lockdown at paano kami mag-prepare for the new normal.

Kasi alam ng lahat na it will not be business as usual after this ECQ. There will new ways of doing things and because of that, nag-conduct kami ng another webinar, I think ang title niyan, ‘Managing The Work Force Today and Preparing Them for The New Normal.’ Maraming tanong from our membership for example, dapat ba naming susswelduhan ang mga employees namin kahit hindi sila nagtatrabaho; puwede ba naming mapilit sila na mag-take ng vacation leave nila, paano kung ayaw nila, ano ang puwede naming gawin? Puwede ba naming ihinto ang suweldo nila kung wala na kaming pera, iyon ang mga sinagot ng mga webinar na ito called ‘Managing the work place today and preparing them for the new tomorrow.’

Another webinar na ginawa namin ay leading through the COVID-19. As I said a while ago, most of our membership are CEOs, COOs and shareowners of companies. So ang ginawa namin kinakausap namin for example si Nestor Tan ng BDO, pagkatapos iyong Chief Executive Officer ng Gokongwei Group and isa sa Ayala Group and tinanong namin sa kanila, how do you lead your company at this time and how do you intend to lead your company post this ECQ. Marami na gaya noong isang webinar namin, ang daming tanong and hopefully nasagot ang mga katanungan nila.

Ngayon, alam naman natin, Secretary, na hindi forever itong ECQ na ito. In fact, naglabas na ng Pangulo ng Executive Oder on what you call as GCQ—

**SEC. ANDANAR:** Okay, nawala ang ating koneksiyon kay Atty. Lim. Samantala, Usec. Rocky, please go ahead.

**USEC. IGNACIO:** Ang iba pa nating makakapanayam ngayong araw, I hope makakausap na po natin ang Governor ng Antique na si Ms. Rhodora Cadiao. Magandang tanghali po sa inyo, Governor?

**GOV. DACIAO:** Magandang tanghali, Secretary Martin at Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Kumusta na po iyong implementation ng ECQ diyan sa Antique pati na rin po iyong pamamahagi ninyo ng Social Amelioration Program sa inyong lalawigan?

**GOVERNOR CADIAO:** Nabigyan po kami ng mando, binigyan na, binababa na iyong aming status mula sa ECQ papunta sa may General Community Quarantine. At hindi tulad ng iba, sinakyan ho namin ito, isangguni sa lahat ng mga lideres ng aming probinsiya na magiging under General Community Quarantine na kami dito sa Antique. Kasi ang pinag-uusapan namin, why prolong the agony ng mga tao dito.

Alam mo, Usec., Secretary Martin, nasa ICU na rin iyong mga maliliit na mga negosyante dito eh. Tulad ng mga ibang—simple lang ang Antique, mahirap lang kaming probinsiya at gusto naming ibalik iyong konting pagkikitaan ng aming mga kababayan.

Iba dito naglalako lang isda, pagkain at saka gulay, mag sales girl at saka sales boy, mga tricycle drivers, mga nagbebenta ng mga—mga farmers, hindi nila mabenta iyong kanilang mga produce. So ito nga, gumawa kami ni Congresswoman Loren Legarda ng isang proyekto na talipapa sa kada barangay. Binibili namin ang lahat ng produce ng mga farmers, kaysa masira, at binibigay naming libre sa lahat ng mga gustong magtalipapa sa kaniya-kaniyang barangay.

So far ho, mga almost three million na ang nabili naming produce ng mga farmers namin dito. So kumbaga, binubuksan lang namin ang ekonomiya ng aming probinsiya para mabuhay naman ang maliliit naming mga trabahador; but at the same time, mahigpit pa rin po ang implementasyon ng pag-ano natin sa COVID.

Parang ang pagbabantay ng COVID ay more or less parang Enhanced Community Quarantine; pero ang negosyo, ang economics namin ay ginawa naming General Community Quarantine. So magkapatid po sila kung bibigyan natin ng analogy.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, may magandang programa po ang Antique para sa mga kababayan ninyo na “Pagkaon Para sa Tanan, Kag Talipapa sa Kada Barangay.” Ito yata iyong binabanggit ninyo po kanina. Maaari ninyo po bang dagdagan iyong detalye tungkol dito? Wala bang mga hamon sa pagpapatupad nito para matulungan po iyong mga kababayan ninyo?

**GOVERNOR CADIAO:** Well, noong third or fourth week ng enhanced quarantine namin, pumunta sa akin iyong aming provincial agriculturist. Umiiyak daw iyong mga farmers kasi walang bumibili ng kanilang mga kamatis, tone-tonelada, tone-tonelada na mga singkamas, tone-tonelada na pakwan, at sana kung matulungan daw. Eh paano namin sila matutulungan eh naka-lockdown, naka-quarantine lahat. So napag-isipan namin ni Congresswoman Loren Legarda na umpisahan itong proyekto na ‘Pagkain Para sa Tanan.’ Bale bibilhin namin lahat ng gulay, ng produce ng aming mga farmers tapos ibibigay naming libre sa lahat ng mga barangay, kung sino ang gustong magtayo ng talipapa doon, bibigyan namin ng kapital bilang gulay at saka iru-roll na lang nila ang kapital dito para magkakaroon sila ng livelihood, talipapa sa kada barangay.

Maganda po naman kasi iyong mga farmers namin ay natutuwa na sila dahil nabibili na iyong kanilang mga produce. At sa tingin ko mas maganda ito kaysa pupunta iyong mga tao sa

palengke at mag-congest lang doon sa palengke, at least kung may talipapa sila sa mga barangay, doon na lang sila bibili ng kanilang mga bilihin.

**SEC. ANDANAR:** As of May 1, may labing-isang positibo sa COVID-19 sa inyong lalawigan. Ano po ang assistance natin para sa kanila at kumusta naman po ang mga quarantine facilities para sa mga probable/suspected cases?

**GOVERNOR CADIAO:** They are all in isolation, Secretary Andanar. Out of these 11 confined na positive, okay na ho. Ang maganda dito, kaya siguro binigyan kami ng karapatan na maging General Community Quarantine kasi ang probinsiya, na-isolate namin itong mga positive na ito. Although marami kaming mga positive COVID cases, na-concentrate lang siya sa isang barangay, sa isang lugar at hindi ito naghawa-hawa sa ibang komunidad.

Kaya nga noong sinabi sa amin na puwede na kaming bumaba sa General Community Quarantine, we took up the challenge. Sabi namin, panahon na siguro para turuan na lang natin ang mga kababayan natin to start their own life, to earn their own living, umpisahan nila iyong maliliit na negosyo, at the same time huwag tayong mag-atubili na bantayan nang husto ang ating fight para sa COVID.

So far po, 15 million na rapid test kits ang binili ng Probinsiya ng Antique. At sa ngayon, ang ini-expect namin ay gagamitin namin iyan sa mga sakada na 1,500 of them coming from Negros who have been stranded there for one and a half months. May mga OFWs, may mga seaman at saka mga nagtatrabaho sa Maynila, sa Iloilo at sa Boracay na gusto nang umuwi sa Antique. Eh patakaran po namin niyan sa General Community Quarantine, lahat po ay dadaan sa rapid testing; ia-isolate sila maski na negative or positive; at bago sila bumalik sa kanilang mga bahay, ira-rapid testing ulit sila kung negative sila.

So lahat po niyan ay inaasikaso namin para hindi mag-spread ang COVID; at the same time, we are making sure that our small people, the small and medium enterprise na mga negosyo, mga maliliit naming trabahador ay makapagbalik na po sa kani-kanilang buhay at makapag-umpisa na tayo sa tinatawag namin na "new normal".

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po, Antique Governor Rhodora Cadiao.

**GOVERNOR CADIAO:** Maraming salamat din po.

**SEC. ANDANAR:** Balikan natin si Atty. Francis Lim na nasa linya na. Attorney, are you there?

Usec. Rocky, do you have a question for Atty. Lim?

**USEC. IGNACIO:** … sitwasyon o mga dapat nating isaalang-alang bago po i-lift or mag-shift ang ECQ sa GCQ?

**ATTY. LIM:** Ang proposal namin sa Management Association of the Philippines, bago mag-shift sa GCQ, dapat may massive testing at saka dapat we have to keep our healthcare system

ready in case of a recurrence arising from the partial lifting of the ECQ. Iyon ang basic proposal namin, Sec.

**SEC. ANDANAR:** Ang iba't ibang mga bansa ay mayroong stimulus package bilang tugon sa epekto ng COVID-19. Ano po ba ang kahalagahan nito sa inyong palagay? Dapat din po bang palawigin pa ang stimulus package? I know we already have a stimulus package for our informal workers, for our formal workers. How about a stimulus package para sa inyong mga negosyante?

**ATTY. LIM:** Okay, importante may stimulus package in addition to the Bayanihan Act. Kasi iyong Bayanihan Act, basically is a social amelioration package. What has to be put in place is a stimulus package for the business sector. Although, a part of the Bayanihan Act is also for business, I think there should be a separate stimulus package for the business sector.

Si Congressman Joey Salceda, pati si Congresswoman Stella Quimbo, mayroon silang bills na (GARBLED) I just came from a meeting (unclear) bills and they are busy at work, putting in place the stimulus package. Kailangan natin ng stimulus package para maengganyo ang business community to reactivate the company because we know for a fact that the business community is an essential part and parcel of the economy.

So ang MAP ay—maganda iyong dalawang bills, very balance. In-identify nila iyong sectors na tinatawag nilang critically impacted businesses. Pero mayroon ding mga incentives or mga benepisyo or subsidies even for the non-critically impacted businesses 'no.

Binasa ko iyong dalawang bills na pending ngayon sa Congress. Mayroong incentives or subsidies that is generally applicable to all businesses whether big or small. Pero ang focus nitong dalawang bills na ito ay iyong tinatawag nating SMMEs, iyong gaya ng binanggit ng governor ng Antique.

Mayroon rin sectoral subsidies, for example, agribusiness, I think fisheries, so it's very balanced. Unfortunately, si Congresswoman Stella Quimbo was explaining kanina that much as they wanted to give subsidies to all businesses, hindi naman ganoon karami ang pera natin, finite iyong resources natin kaya binabalanse nila.

Kami sa MAP, mayroon kaming specific proposal sa stimulus package. For example, ang malaking issue dito, Secretary, is paano natin kukuhanin, papaano natin popondohan iyong stimulus package na iyan? I understand that what will be needed is about P370 billion, malaking halaga iyan. Malaking tanong kung saan kukuhanin ng gobyerno iyan? For example, iyong subsidies ibibigay sa MSMEs, iyong subsidies ibibigay sa agri sector, sa fisheries sector and so on and so forth.

In fact, sinasabi ni Congresswoman Stella kanina pati iyong mga eskuwelahan puwedeng maging apektado, puwedeng mag-avail ng incentives or subsidies or financial assistance provided for by the law.

So, ang malaking tanong, saan kukuhanin iyan? kaya kami sa Management Association of the Philippines ang proposal namin, alam natin na doon sa mga GAA, sa General Appropriations

Act, may perang naka-reserve para sa government o sa mga infrastructure projects. So, malaking pera iyan. So ang sinasabi namin sa MAP, bakit hindi ilipat itong projects na ito from being a government funded project to a PP [public-private] project? By doing that, i-free-free up iyong pera that was allocated or appropriated for these projects to finance this stimulus package and at the same time, create economic activity on the part of the private sector.

Importante po iyong infrastructure kasi iyong multiplier effect ng—generally, ang multiplier effect ay 1.53, ang ibig sabihin niyan, from every one peso na gagastusin ng gobyerno may parang fifty-three centavos na—1.53 type economic activity that will be generated. But in so far as infrastructure is concerned, ang explanation nila ay more than three times ang multiplier effect, kaya importante na buhayin natin ang infrastructure because maraming makikinabang diyan, hindi lang iyong construction workers, hindi lang iyong pamilya nila pero iyong allied services ‘no, for example, iyong nagtitinda ng semento, iyong mga retail establishments kasi bumibili mga construction workers doon and so on and so forth.

Kaya ang pino-propose namin, Secretary, ay i-free up iyong government funds, convert them from government funded infrastructure projects to privately funded infrastructure project under the BOT or PPP law.

Marami kaming proposals. Another proposal na inano namin, we have to encourage the [garbled] to private industries. Kasi kung ikaw naman ang isang bangko alam mo na may recession coming siyempre ita-tighten mo iyong credit mo kasi ayaw mo iyong default, magde-default iyong utang ng mga tao sa iyo kasi may obligasyon ka rin as a bank to your depositors and to your stockholders.

So, may mga proposals kami, for example sinabi namin dapat i-beef up or dagdagan iyong capitalization, capital ng Philippine Guarantee Corporation parang they can guarantee the loan obligations of the private sector to a certain extent.

Mayroon rin kaming proposal that is specific to MSMEs. I think ang sinasabi namin dahil ang SMSEs hindi naman malalim ang bulsa nila, siguro ang pautang sa kanila dapat may moratorium on capital and interest payments for the first year. Parang magbabayad lang sila, mag-uumpisa lang silang magbayad after the first year para magamit nila iyong pera na inutang nila to revive their business.

Now, ang tanong diyan, sinong magbabayad ng cost of body? Ang sinasabi ng MAP, ang proposal ng MAP, Secretary, is that the government should make hold the banks for that moratorium period and that should be provided for in the amount appropriated under this stimulus Bill.

So, very practical. For example, sabi naman namin alam natin na may Spam Law noong 2005. I hope it doesn’t happen pero it’s possible that iyong mga default ng mga borrowers sa mga bangko natin lalaki iyan for reasons that may be beyond the control of the borrowers. So, sabi namin bakit ninyo hindi i-revive iyong Spam Law para maengganyo, ma-encourage iyong banking industry to lend to the private sector.

These proposals together with the proposals of other business organizations are now pending in the Committee of Economic [unclear]. I just came from a webinar meeting with Congressmen Salceda, Quimbo at saka si Economic Affairs Committee Chair Sharon Garin who met with the private sector this morning starting at ten o'clock.

So iyon ang ano namin, Secretary Andanar, Rocky. Hopefully this will be taken into account also by congressmen when they deliberate on the stimulus package.

**USEC. ROCKY:** Okay. Maraming salamat po, Attorney Francis Lim sa inyong panahon, president of the Management Association of the Philippines.

**ATTY. LIM:** Maraming salamat, Secretaries—

**SEC. ANDANAR:** Muli, naging siksik sa impormasyon ang ating araw ngayon sa tulong ng mga opisyal at kawani ng pamahalaan na nakasama sa ating programa.

**USEC. ROCKY:** [OFF MIC] … ng mga mahahalagang impormasyon at kaugnay sa laban pa rin ng COVID-19.

**SEC. ANDANAR:** Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't-ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas.

**USEC. ROCKY:** Samantala, nais din nating pasalamatan ang ating magigiting na healthcare workers at frontliners na nangangalaga at tumutulong sa ating mga kababayan. Saludo po kami sa inyo.

**SEC. ANDANAR:** Tandaan, ang pakikiisa, pagsunod sa otoridad at pagtutulungan ay mahalaga para malampasan ang hamong kinakaharap ng bansa. Sama-sama tayo [SIGNAL FADE] Together we heal as one. Muli, ako po si Secretary Martin Andanar.

**USEC. ROCKY:** Manatili lang po tayo sa ating mga tahanan. Bahay muna, buhay muna. mula pa rin sa Presidential Communications Operations Office, ako naman po si USec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Magkita-kita po tayo muli sa Lunes, dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH. Narito po ang hatid na special feature para sa ating mga magigiting na frontliners.

[VIDEO TRIBUTE]

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)